# Gawad Dr. PIO Valenzuela

Pagkilala sa mga Katangi-tanging Valenzuelano

Ang **GAWAD DR. PIO VALENZUELA** ang pinakamataas na parangal na ipinagkakaloob ng Pamahalaang Lungsod ng Valenzuela sa mga katangi-tanging mamamayan ng Lungsod ng Valenzuela. Ito ay pagkilala at pagpapahalaga sa kanilang kahusayan, paglilingkod at karangalang ibinigay sa bayan sa alaala ng itinatanging bayani ng bayan na si Dr. Pio A. Valenzuela (1869-1956).

Maaaring maging nominado ang mga Valenzuelano na nagpamalas ng katangi-tanging kahusayan sa kanyang sariling larangan at nagbahagi ng taos-pusong paglilingkod sa komunidad o sa bansa. Ang lahat ng nominado ay dapat na taglay ang mga sumusunod na pangunahing batayan ng pagpili:

- Ipinanganak at lumaki sa Valenzuela o nanirahan sa Valenzuela sa loob ng sampung (10) taon o higit pa;
- Walang kaugnayan sa sinumang miyembro ng *Search Committee* hanggang sa ikaapat na antas ng pagiging kamag-anak;
- Nagpamalas ng katulad na mga katangian at kaisipan ni Dr. Pio Valenzuela sa aspekto ng kahusayan at paglilingkod-bayan;
- Walang usaping legal na may pinal na hatol ng Hukuman laban sa nominado, ito man ay sibil, kriminal o administratibo;
- Huwaran ng kabutihang-asal.

Maaaring magpasa ng nominasyon ang mga sumusunod:

- Mga samahan, institusyon, at barangay sa Valenzuela;
- Mga indibidwal na Valenzuelano na nasa legal na edad;
- Mga indibidwal na walang kaugnayan sa nominado hanggang sa ikaapat na antas ng pagiging kamag-anak;
- Mga indibidwal na walang kaugnayan sa sino mang miyembro ng *Search Committee* hanggang sa ikaapat na antas ng pagiging kamag-anak.

Ang huling araw ng pagpapasa ng mga nominasyon (pormularyo at scrapbook) ay sa **Hunyo 2**. Ang mga mapipili ay pararangalan sa pagdiriwang ng anibersaryo ng kaarawan ni Dr. Pio Valenzuela sa Hulyo 11.

Makakakuha ng kopya ng *nomination form* sa Valenzuela City Museum, Ground Floor, Valenzuela City Hall. Maaari rin itong ma-download sa **http://www.valenzuela.gov.ph/**.

Para sa mga katanungan, maaaring tumawag sa **0917 626 0334** o mag-email sa **gawadpio@gmail.com**.

1623–2023
PUEBLO DE POLO
LUNGSOD VALENZUELA

Gawad
Dr. PIO
Valenzuela

Pagkilala sa mga Katangi-tanging Valenzuelano

2X2 PHOTO

# PORMULARYO SA PAGLAHOK

## TUNGKOL SA NOMINADO

| Buong Pangalan ng Nominado (Una, Gitna, Huli) | |
|---|---|
| Tirahan/ Tanggapan | |
| Contact Number / E-mail address | |
| Lagda bilang Katibayan ng Pagtanggap sa Nominasyon | Petsa |

## TUNGKOL SA NAGPASA NG NOMINASYON

| Pangalan ng Nagpasa ng Nominasyon | |
|---|---|
| Tirahan/ Tanggapan | |
| Contact number / E-mail address | |
| Lagda | Petsa |

## PERSONAL NA IMPORMASYON NG NOMINADO

| Petsa at Lugar ng Kapanganakan | Bilang ng taon ng paninirahan sa Valenzuela |
|---|---|
| | |

## EDUKASYON

| | Paaralan | Taon | Karangalan |
|---|---|---|---|
| Elementarya | | | |
| Sekondarya | | | |
| Kolehiyo at Kurso | | | |
| Graduate Studies at Kurso | | | |

## PROPESYON O TRABAHO

| Taon | Posisyon | Kumpanya |
|---|---|---|
| | | |
| | | |
| | | |

## MGA NAGAWA O KONTRIBUSYON
(Maaaring ilista at ipaliwanag sa hiwalay na papel)

| Taon / Petsa | Mahahalagang Kontribusyon sa Propesyon o Komunidad (para saan at tungkol saan) |
|---|---|
| | |
| | |
| | |

## MGA TINAMONG PAGKILALA
(Maaaring ilista at ipaliwanag sa hiwalay na papel)

| Taon/Petsa | Parangal | Nagkaloob |
|---|---|---|
| | | |
| | | |
| | | |

## PAKIKIBAHAGI SA KOMUNIDAD
(Maaaring ilista at ipaliwanag sa hiwalay na papel)

| Taon/Petsa | Samahan/Institusyon | Gawain/Posisyon |
|---|---|---|
| | | |
| | | |
| | | |

**IPASA** ang pormularyong ito kasama ng **SCRAPBOOK** na naglalaman ng mga larawan at/o kopya ng dokumento na magpapatunay sa mga inilahad na listahan ng gawain, paglilingkod at pagkilalang nakamit ng nominado, sa VALENZUELA CITY MUSEUM, Ground Floor, Valenzuela City Hall bago ang Hunyo 2, 2023. Para sa mga katanungan, maaaring tumawag sa 0917 626 0334 o mag-email sa **gawadpio@gmail.com**.

1623–2023
PUEBLO DE POLO
LUNGSOD VALENZUELA